# Ang Suliranin

## Pag-unawa tungkol sa karahasan laban sa kababaihan sa Australya



Australian Government

VIOLENCE AGAINST WOMEN
LET'S STOP IT
AT THE START

# Ang Suliranin

## Hindi lahat ng mga pagkawalang respeto sa kababaihan ay nauuwi sa karahasan. Ngunit ang lahat ng mga karahasan sa kababaihan ay nagsisimula sa pagkawalang galang na pag-uugali.

Ang karahasan laban sa kababaihan sa Australya ay kasukat na ng epidemya.

Noong 2022-23, **1 babae ang namamatay tuwing 11 araw gawa ng kanilang kasalukuyan o dating matalik na kapartner**[1] sa Australya.

Magmula pa sa edad na 15 taon:


- 1 sa 4 na mga babae ay nakaranas ng karahasan gawa ng kanilang matalik na kapartner; kumpara sa 1 sa 14 na mga lalaki.[2]
- 1 sa 11 na mga babae ang nakaranas ng karahasan gawa ng manliligaw, kaibigang babae o ka-date, kumpara sa 1 sa 44 na mga lalaki.[3]
- 1 sa 4 na mga babae ang nakaranas ng emosyonal na pang-aabuso sa kapartner, kumpara sa 1 sa 7 na mga lalaki.[4]
- 1 sa 12 na mga babae ang nakaranas ng karahasan gawa ng kamiyembro ng pamilya magmula pa sa edad na 15 taon, kumpara sa 1 sa 17 na mga lalaki.

Ang karahasan ay lumalabas sa maraming iba't-ibang klase, kabilang ang pisikal at hindi pisikal na kaanyuan at hindi natin ito palaging napapansin. Ang pagiging may kamalayan sa mga iba't-ibang paraan na ginagamit ang karahasan at pang-aabuso ay makakatulong sa atin na mas lubos na maunawaan ito, pag-usapan ito at labanan ito.


Ang mapaghari-hariang pagkokontrol, pang-aabuso ng emosyon at pananalapi at panggigipit sa pamamagitan ng teknolohiya ay lahat na mga paraan ng pagsagawa ng karahasan, ang mga ito ay kalimitang ginagawa kasabay ng pisikal na pananakit. Lumalabas din ang karahasan sa iba't-ibang mga pakikipagrelasyon, maging ito man ay sa matalik na kapartner o dating kapartner o sa pagitan ng mga kapamilya.

Alam natin na tumataas ang mga antas ng karahasan sa ilang mga babae kung may mga kasamang iba pang klase ng diskriminasyon. Ang nakabatay sa kasarian na mga karahasan ay hindi naaakmang nakakaapekto sa mga babaeng Aborihinal at taga-islang Torres Strait, sa pangkultura, pagka-etnisidad, pang-relihiyon at sa pagkakaiba't-ibang kinagisnan at wika na mga babae, sa migrante at babaing refugee, mga babaing may kapansanan at babaing kabilang sa LGBTIQA+ at mga taong ipinagkaiba-iba ang kasarian.

Ang karahasan laban sa mga babae at karahasan na nakabatay sa kasarian ay may pangmatagalan at mga mas malawakang epekto. Pangkalahatang nakakaapekto ito sa mga kabataan, pamilya, kaibigan, kasamahan sa trabaho, komunidad at lipunan. Kailangan nating gumanap ng aktibong papel upang mahadlangan at mapatigil ito.



**1 sa 4 na mga babae** ay nakaranas ng karahasan gawa ng kanilang matalik na kapartner; kumpara sa **1 sa 14 na mga lalaki.**[2]



**1 sa 11 na mga babae** ang nakaranas ng karahasan gawa ng manliligaw, kaibigang babae o ka-date, kumpara sa **1 sa 44 na mga lalaki**.[3]



**1 sa 4 na mga babae** ang nakaranas ng emosyonal na pang-aabuso sa kapartner, kumpara sa **1 sa 7 na mga lalaki**.[4]



**1 sa 12 na mga babae** ang nakaranas ng karahasan gawa ng kamiyembro ng pamilya magmula pa sa edad na 15 taon, kumpara sa **1 sa 17 na mga lalaki.**

1 *Pagpatay ng Kapwa sa Australya 2022-2023, Australian Institute of Criminology, aic.gov.au*

2 *Australian Bureau of Statistics Personal Safety Survey 2021-22* (inilathala noong Marso 2023).

3 *Australian Bureau of Statistics Personal Safety Survey 2021-22* (inilathala noong Marso 2023).

4 *Australian Bureau of Statistics Personal Safety Survey 2021-22* (inilathala noong Marso 2023).

## Ang karahasan laban sa mga babae ay nagsisimula sa pagkawalang galang.

Habang ang sinuman ay makakaranas ng karahasan sa pamilya, tahanan at sekswal, ipinapakita ng datos na ang karamihang mga biktima ay mga babae at napakalaki na dito sa Australya, ang karahasan sa mga babae ay kagagawan ng mga kalalakihan.[5]

Ipinakikita ng pananaliksik na sa karamihang tao na hindi nakatitiyak o hindi sumusuporta sa pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki ay kalimitang mas sumusuporta sa mga pag-uugaling sinasang-ayunan ang karahasan sa mga babae. Kabilang dito ang hindi pagrespeto sa kakayahan ng babae na sarili nilang makapagpipili at magkokontrol sa kanilang buhay. Ang mga kasunduan na may mahigpit na mga gagampanan ang babae o lalaki at kasalungat sa kababaihan ay konektado sa karahasan laban sa mga babae.

Itong klase ng di-pagrespeto ay nagsisimula noong tayo ay mga bata pa at ang ating mga pag-uugali, paniniwala at mga pagpapahayag ng kasarian bilang lalaki o babae ay nagsisimulang mahubog. Ang di-pagrespeto ay parang hindi pantay na pagtrato sa tao, at ang hindi pagsuporta sa kalayaan ng taong makapili ng gusto nila o pagpapahalaga sa kanilang mga natatanging pagkakaiba.

Ang bawa't di-pagrespeto na nararanasan sa buhay, pati na sa sosyal media at online ay patong-patong na nag-iipon sa kalooban, na nagiging mas matindi at nagtutulak sa taong mag-isip na sadyang OK na gamitin o palampasin ang karahasan laban sa mga babae. Halimbawa, maaaring ma-obserbahan ng isang kabataan ang:

- Mga magulang o tagapag-alaga na tinatrato ang mga lalaki at babae ng hindi pantay, na gamit ang mga sinaunang inaasahang dapat na ginaganap nilang mga papel sa lipunan
- Mga pakikipagrelasyon ng may-edad, na ang lalaki ang nagkokontrol ng mga pagdedesisyon at nililimitahan ang kalayaan ng babae.
- Ang taga-impluwensya (influencer) sa online na nagsasalita ng mapanlait at mapanlaban tungkol sa mga babae, at naghihikayat sa kanyang mga tagasunod na tratuhin sila ng ganoon.
- Pornograpiya (malaswang pelikula) na ipinakikita ang mga lalaki na gumagamit ng pisikal at salitang pang-aatake sa mga babae na parang normal ang ganoong karahasan
- Mga pakikipagrelasyon ng lalaki sa ibang lalaki na may kasangkot na pananalakay, kumpetensya kung sino ang mangingibabaw at magkokontrol o pagyayabang ng kanilang sekswal na kahusayan.

Itong mga impluwensya na kapag ipinagsama sa paglipas ng panahon, ay hahantong sa kaisipan ng isang batang lalaki o may edad na lalaki na siya ay nabigyan ng karapatan o maaaring inaasahan na mangibabaw o magkontrol sa isang batang babae o nasa edad na babae.

Karamihan sa mga ganitong lalaki ay gumagamit ng dahas o emosyonal na pang-aabuso upang mapanatili nito ang pagkokontrol.



5 *Australian Bureau of Statistics Personal Safety Survey 2021-22* (inilathala noong Marso 2023).

# Ang mga saloobin at pag-uugali ay naihubog mula sa batang edad

Ang mga bata ay gumagawa ng kanilang sariling mga paniwala mula sa daigdig na kanilang ginagalawan—kung ano ang kanilang narinig, nakita at bagay na pinag-uusapan sa paaralan, sa palibot ng mga kaibigan, sa loob ng kanilang mga pamilya at sikat na kultura sa pamamagitan ng media at online.

May maraming impluwensya sa mga ideya ng mga kabataan tungkol sa mga ginagampanan ng mga lalaki at babae. Sinasabi sa atin ng pananaliksik na, mula sa batang edad, ang ilang mga tao ay nagsisimulang maniwala na may mga dahilan at sa ilang mga sitwasyon na okey ang pagiging walang galang na pag-uugali.[6]

Ang mga batang lalaki ay nakapagbubuo ng ilang maigting o hindi nakakatulong na mga ideya tungkol sa kung anong ibig sabihin ng pagiging isang batang lalaki o nasa edad na lalaki, at makakadama sila nang sariling pamimilit na bumagay sa mga ito para masabi at pahalagahan bilang isang lalaki. Maaaring kasama dito ang mga inaasam na pagiging siga-siga (tough) at nakapangyayari (dominant).

Ang mga presyon (pressure) mula sa sosyal media ay tunay-na-tunay at may mga epekto sa ating lahat. Makakaapekto ito sa kalusugan ng kaisipan at kagalingan ng isang kabataan, binabago pati ang kanilang mga saloobin at pag-uugali.

Itong nakakasirang mga inaasahang mangyari ay nakapag-uudyok ng pagkawalang galang na mga saloobin sa mga babae. Kapag ito ay nagpatuloy na walang tumututol, ang kabataan ay unti-unting magsisimula ng paniniwala na ganito lang ang normal na bahagi ng isang pakikipagrelasyon at paglaki, na makakaimpluwensya sa kanilang pag-uugali. Ang mga batang babae at mga nasa edad na babae ay natututo rin sa paglipas ng panahon na ipagbale-wala o hindi pagtuunan ng tamang pansin ito.

Lahat ng mga ito ay gumaganap ng papel tungo sa pagtulak sa mga lalaki na maging marahas laban sa mga babae.

Kapag ang mga bata ay pinalaki bilang mga babae at lalaki na magkapareho ang kahalagahan at mga pagkakataon sa mga pakikipagrelasyon at sa ginagalawang lipunan, ang karahasan laban sa mga babae ay hindi mangyayari.

Inaasahan ng lipunan na tatratuhin natin ang lahat bilang kapantay maging anuman ang kanilang kasarian, at ang karamihang nasa edad ay makakadama na ginagawa nila ang kanilang pinakamahusay na magagawa upang magpakita ng magandang halimbawa. Ngunit ang katunayan, napakarami sa atin ang umaasa ng magkakaibang mga bagay mula sa mga bata at mga may edad, ayon sa kanilang kasarian, at kalimitang tinatrato rin natin sila na kakaiba bilang resulta— na kalimitang hindi natin ito napupuna.

Kung may kamalayan tayo sa mga epekto ng ating mga salita at mga inaasahan at nagkakaroon ng mga pakikipagtalakayan sa iba pang mga may edad at sa ating mga anak tungkol sa mga ginagampanang papel ng kasarian, mga inaasahan, paggalang at malusog na pakikipagrelasyon, makakalikha tayo ng isang lipunan na ang karahasan laban sa mga babae ay hindi pinapayagan.

Tingnan ang ***Ang Pambulsang Gabay*** para sa magalang na mga pag-uusap para sa karagdagang impormasyon kung paano makipag-usap sa mga kabataan tungkol sa paggalang.



6 *Sa pananaliksik na nagsasabi tungkol sa pagsulong ng isang pambansang kampanya; Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Pamahalaang Australya (Australian Government Department of Social Services),* Nobyembre 2015

# Ang mga nakatagong kalakaran ng walang paggalang sa online

Ang paggamit ng sosyal media at mga plataporma sa online ay isang normal na paraan ng pakikipagkoneksyon sa mga tao, magbasa ng mga balita, manood ng mga video at maglaro.

Ang mga kabataan ay umuubos ng maraming oras sa online—lalo na sa kanilang mga edad ng pagkatin-edyer, na ang nilalaman sa online na kanilang pinapanood at pinapakinggan ay makapag-iimpluwensya at maghuhubog ng kanilang mga pananaw at pag-uugali.

Habang ang ilang mga nilalaman sa online ay nakapagbibigay ng kasiyahan sa atin, mayroon ding panganib na malantad tayo sa walang paggalang at mabalasik na nilalaman sa anumang oras.

Ang karamihan sa mga plataporma ng sosyal media ay mayroon kumplikadong algorithms (mga patakaran, signal at datos na namamahala sa plataporma) na ipinapakita sa atin ang mga profiles o inilagay (posts) para basahin/panoorin na sa isip nila ay magugustuhan nating makipag-ugnayan. Kung may isang taong umubos ng oras sa pakikipag-ugnayan sa isang posibleng nakakasirang nilalaman, maaari itong mauwi na makakita siya ng mas maraming kaparehong materyal o mas maraming nakakaisirang materyal sa mga isinasalang (feeds) ng plataporma. Kung minsan ang 'algorithms' ay nagiging dahilan na ang nilalaman ay 'going viral' (na maging popular kaagad) sa pamamagitan ng mabilis at malawakan na pagpapakalat, at ito ang magpapalaki sa maling impormasyon at mga sobrang matinding pananaw.

Ang kalimitang pinagtutuunan ng mga taga-impluwensya (influencer) sa sosyal media ay mga kabataan, pati na mga batang lalaki at mga lalaki, ng mga nakakasira at walang paggalang na mga nilalaman (content) kahit na hindi nila hinahanap ito. Kung minsan, itong negatibong nilalaman ay nagkukunwaring isang positibo at nakaka-tulong sa pamamagitan ng pag-uumpisa ng pagpokus sa mga malusog na paraan sa pamumuhay, mga nakamit sa pag-iisport at pagpapayaman. Ito ay ginagamit upang mahila sa umpisa ang kabataan na pagsapit sa isang punto, ang nilalaman ay banayad (o hayagan) na hahalinhan ng pagiging nakakasama at kontra sa babae (misogynistic). Ang ganitong klaseng nilalaman ay lalong magtitindi kapag ang gumagamit (user) ay nakikipag-ugnayan dito.



Ang nakapipinsala at walang paggalang na nilalaman sa online ay maaaring mag-anyo ng ganito:

- nanghihiya o wikang seksista sa mga komento
- nagdidiskriminasyong wika o pagtrato ng mga babae sa online na paglalaro (gaming)
- nagkikipagbahagi ng personal o intimate na mga larawan o video ng ibang tao na walang kapahintulutan
- mga 'memes' o pagbibiro (jokes) tungkol sa panggagahasa, palihim na pagsubaybay (stalking), o mas mababang pagtingin sa mga babae kumpara sa mga lalaki
- isinusulong ang mga pag-uugali na pinapalusot at binabale-wala ang panliligalig at karahasan o pinagbibintangan ang biktima
- mga salitang kalye (slang) at kasabihan na nagmula sa nakapipinsala at walang galang na salita
- mga taga-impluwensya o taong may malaking mga tagasubaybay na walang galang sa ibang mga tao o nagpapanatili ng mapanganib na mga pag-uugali at ideya tungkol sa kasarian.

Ang gabay sa pagtatalakayan, ***Mga nakatagong kalakaran ng pagkawalang galang***, ay nagsasaklaw ng karagdagang impormasyon tungkol sa walang paggalang sa online.

Bilang mga magulang at tagapag-alaga, magiging mahirap pagbawalan o kontrolin ang nilalaman sa online na malalantad sa mga kabataan. Upang masuportahan ang ating mga kabataan, kailangan nating magbuo ng mas mabuting kamalayan tungkol sa kung ano ang kanilang nakikita at naririnig at ang epekto nito sa kanilang mga pang-unawa tungkol sa kasarian at karahasan.

Mahalagang ipaalam sa mga kabataan na hindi sila kailangang makipag-ugnay sa lahat ng bagay na kanilang nakikita sa online, lalo na kung ito ay nakakagalit sa kanila o hindi maging komportable ang pakiramdam nila. Ang ipinapakita sa atin sa online ay naiimpluwensyahan ng kung ano ang ating hinahanap, pinapanood at pakikipag-ugnayan. Kung mas positibo ang nilalaman ng ating pakikipag-ugnay, mas kaunti ang nakakasakit o walang galang na nilalaman ang ipapakita sa atin.

Masasanay mo at ng kabataan ang inyong sarili ng mga paraan para maharang at mai-report ang mga account o ikinarga (posts) sa online na nagsusulong ng nakakapinsala o walang galang na nilalaman. Ito ay makakatulong na mababawasan ang mga ganitong nakikita mong nilalaman at maaaring magresulta ito na ipatanggal ang nakakasamang nilalaman.

Dagdagan ang kaalaman tungkol sa kung paano ka makakapagbigay ng ***Isumbong ang online na kapahamakan*** | ***eSafety Commissioner***.

# Kapag nagkakasama-sama, makakatulong tayo na mapatigil ang ang karahasan laban sa kababaihan

Bilang mga magulang, tagapag-bantay, tagapag-alaga at kamiyembro ng pamilya, gusto natin ang pinakamagaling para sa ating mga kabataan. Gusto natin silang magkaroon ng mga masaganang karanasan, mga malusog na pakikipagrelasyon, at mga pagkakataong sumikat. Gusto nating maunawaan nila ang tama at mali, na igalang ang ibang mga tao at ang kanilang mga sarili.

Ang lahat ng mga may edad, kasama ang mga magulang, tagapag-alaga, tagapag-bantay, mga kapatid, mga lolo at lola, mga guro, tagapagturo (coaches), mga taga-empleyo at mga huwaran sa buhay ay makaka-impluwensya ng positibo sa mga kabataan at makapagtatag ng pamantayan kung alin ang mga katanggap-tanggap at alin ang hindi, simula palang sa umpisa.

Sa pagkakasama-sama, magagawa natin na:

- Pagmuni-munihin ang tungkol sa ating sariling pang-unawa sa paggalang, pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki (gender equality) at sa mga pamimilit na sumunod sa mga pamantayan ng lipunan at mga klitse (stereotype).
- Magkaroon ng mas malawak na kamalayan sa ating mga ginagawang palusot (excuse) at kung paanong ang ating pag-uugali ay magtatalaga nang pangmatagalang epekto, bilang isang halimbawa para sa ating mga kabataan. Tingnan ang *Excuse Interpreter (makukuha sa wikang Ingles lamang).*
- Magpakita ng huwaran sa paggalang sa pamamagitan ng pagiging may kamalayan tungkol sa ating ginagawa at sinasabi, ang mga epekto nito sa ibang mga tao.
- Gumawa ng mga hakbang para maunawaan ang klase ng impormasyon na pinakikipag-ugnayan ng mga kabataan sa online at ang mga walang galang na mga salita at pahayag na maaaring malalantad sila.
- Simulan ang pakikipag-usap sa iba pang may edad tungkol sa pagpapalaki ng isang may paggalang na henerasyon ng kabataan.
- Simulan ang mga pakikipag-usap sa mga kabataan tungkol sa paggalang habang sila ay lumalaki — pag-usapan ang tungkol sa epekto ng mga pinahahalagahan, mga saloobin at mga pag-uugali. Tingnan ang *Ang Pambulsang Gabay sa may galang na mga pag-uusap*.

Ang ating mga kabataan ay dapat malayang maggalugad at lumaki nang kung sino sila na hindi kailangang mapilitang itama ang sarili nila sa mga bagay na sadyang inaasahan tungkol sa pagiging babae o lalaki.

Gusto nating mamuhay sila sa daigdig na walang karahasan.



# Alamin ang karagdagan

## Pambansang Sarbey ng Mga Saloobin ng Komunidad (National Community Attitudes Survey) (NCAS)

Ang NCAS ay isang pinakamatagal nang nagpapatakbo ng sarbey sa lebel ng populasyon tungkol sa mga saloobin ng komunidad, tungkol sa karahasan laban sa kababaihan. Basahin ang karagdagan tungkol sa pang-unawa ng mga Australyano sa karahasan laban sa kababaihan, mga saloobin tungkol sa hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at ang kagustuhan ng mga tao na makialam.

## Sarbey sa Personal na Kaligtasan (Personal Safety Survey)

Ang Personal Safety Survey (PSS) ay nangangalap ng impormasyon mula sa mga may edad na Australyano tungkol sa uri at sinaklaw ng kanilang mga karanasan sa mga iba't-ibang uri ng karahasan.

## Pasanayan ng Kalusugan at Kagalingan ng Australya (Australian Institute of Health and Welfare) (AIHW)

Nagbibigay ang AIHW ng katibayan, datos at impormasyon na may kinalaman sa kalusugan at kapakanan. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya, tahanan at sekswal.

## Ang Linya (The Line)

Hinihikayat ng The Line ang malusog at mga may paggalang na pakikipagrelasyon sa pamamagitan ng paglaban at pagpapabago ng mga saloobin at pag-uugali na sumusuporta sa karahasan. Ang The Line ay pinopondohan ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Pamahalaang Australya (Australian Government Department of Social Services). Inihahatid ito ng Our Watch. www.theline.org.au

## Sentro ng Kagalingan ng Estudyante (Student Wellbeing Hub)

Ang Student Wellbeing Hub ay minsanan- puntahang himpilan (one-stop shop) para sa impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa mga istratehiya ng kaligtasan sa paaralan upang makatulong sa mga guro at pamunuan ng paaralan, mga estudyante, mga magulang, mga ekspertong propesyonal na sumusuporta sa mga estudyante at mga magiging guro na estudyante (pre-service teachers). ***www.studentwellbeinghub.edu.au***

## eSafety Commissioner

Ang eSafety ay isang independiyenteng tagapamahala para sa kaligtasan sa online, na nagtuturo sa mga Australyano tungkol sa mga panganib sa kaligtasan sa online at tumutulong sa pagtatanggal ng nakapipinsalang nilalaman katulad ng cyberbullying, cyber abuse, at walang pagpayag na pagbabahagi ng pangmatalik (intimate) na mga litrato o video. Ang website ng eSafety ay maraming mga mapagkukunan at pabatid para mailagay sa kaligtasan sa online ang mga bata. Makapagre-report ka rin sa online tungkol sa mga nakakapinsala sa ***www.esafety.gov.au***

## Sabihin Ito ng Malakas (Say It Out Loud)

Ang Say It Out Loud ay naghihikayat sa mga komunidad na LGBTQ+ na magkaroon ng mga malusog na pakikipagrelasyon, makakuha ng tulong para sa hindi malusog na pakikipagrelasyon at suporta para sa kanilang mga kaibigan. ***www.sayitoutloud.org.au***

## Mga Pangsuportang Serbisyo

Nagbibigay itong pahina ng hanay ng mga pangsuportang serbisyo na matatawagan kung kailangan mo ng suporta at nanganganib ka na makakaranas ng karahasan.

**Tingnan ang mga karagdagang nakasalin-wikang mapagkukunan sa *www.respect.gov.au/translated***





DSS 3363